Gabay sa COVID-19 Para sa Pagbabalik-Eskuwela at Pangangalaga ng mga Bata

Ano ang dapat malaman ng mga pamilya

Public Health
Seattle & King County

Setyembre 2022

Nais nating maging ligtas at masaya ang ating mga anak sa paaralan

Ang pagbabalik-eskuwela ay nangangahulugan na ang mga bata ay gugugol ng mas maraming oras sa looban kung saan mas madaling magkalat ng mga mikrobyo tulad ng karaniwang sipon, trangkaso at COVID-19.

Makakatulong ang gabay sa kaligtasan para sa COVID-19 ngayong taon na mabawasan ang

Makipag-appointment sa iyong doktor o tagapangalaga ng kalusugan.

PUpang makakuha ang iyong mga anak ng mga napapanahong bakuna sa COVID-19, makipag-appointment sa kanilang pedyatrisyan o tagapangalaga ng kalusugan o bumisita sa

kingcounty.gov/vaccine
(ang website ay nasa Ingles lamang)

Mga libreng klinika ng bakunahan sa King County

Ang mga bata ay maaaring makakuha ng mga bakuna sa COVID-19 at mga kinakailangang pagbabakuna para sa paaralan sa mga libreng klinika ng bakunahan.

Ito ay LIBRE! Walang kinakailangang seguro o patunay ng katayuan ng imigrasyon.

Para sa mga lokasyon, bisitahin ang:
kingcounty.gov/FindaClinic (nasa Ingles lamang)

Maaaring kailanganin ng mga paaralan at tagapangalaga ng mga bata na magsuot ka ng maskara

Maglagay ng lapat na maskara sa bag ng iyong anak. Ang pagsusuot ng mataas na kalidad na maskara ay nananatiling mahalagang kasangkapan sa paglilimita sa pagkalat ng COVID-19 (at iba pang mga sakit).

Nakakatulong ang pagsusuot ng maskara na protektahan ang mga bata at mga guro

Ang mga taong immunocompromised (mahina ang resistensya), hindi nabakunahan, o may sakit ay dapat magsuot ng maskara upang protektahan ang kanilang mga sarili at ibang mga tao kapag nasa looban.

Ano ang gagawin kung ikaw o ang iyong anak ay nagpositibo sa COVID-19

Manatili sa bahay at ibukod ang sarili nang hindi bababa sa 5 araw.

Kakailangan mong manatili sa bahay sa loob ng 5 araw na iyon kahit pa ikaw ay nagpasuring muli at makakuha ng negatibong pagsusuri sa panahong iyon



Maaari kang bumalik sa trabaho, paaralan o tagapangalaga ng mga bata kung wala kang mga sintomas sa ika-5 araw.

Kung positibo ang iyong pagsusuri, ipagpatuloy ang pagbubukod nang lima pang araw.

Ano ang gagawin kung ikaw o ang iyong anak ay nagpositibo sa COVID-19 (ipinagpatuloy)

Patuloy na magsuot ng lapat na maskara sa paligid ng ibang mga tao sa loob ng 10 araw, o sa loob ng 11 araw kung nasa paligid ng mga taong nasa mataas na panganib para sa COVID-19.

Kapag bumalik ang mga mag-aaral at mga bata mula sa limang araw ng pagkakabukod, dapat silang magsuot ng lapat na maskara mula sa ika-6 hanggang ika-10 na araw. Maaaring magpasuri ang mga mag-aaral bago bumalik sa paaralan o tagapangalaga sa bata, kung posible.

Ang mga pagbabakuna sa COVID-19 ay nananatiling pinakamabisang proteksyon

Nakakatulong ang mga bakuna na protektahan ang mga bata laban sa pagpapa-ospital at malubhang sakit mula sa COVID-19. Mayroon nang bakuna para sa mga batang edad anim na buwan pataas. Mayroon na ring mga dosis ng booster para sa mga batang edad 5 pataas.



Salamat sa pagtulong upang mapanatiling ligtas ang paaralan!

Ang mga kasangkapang ito para sa pag-iwas sa COVID-19 ay nagproprotekta rin sa mga miyembro ng pamilya, mga guro, at mga kaibigan sa paaralan.

Alam naming hindi madaling makasabay sa pabago-bagong gabay. Salamat sa lahat ng ginagawa mo!

kingcounty.gov/vaccine

Public Health
Seattle & King County